PAYO MULA SA MEDIA

ILALABAS KAAGAD: Mayo 29, 2018
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Tom Flannigan, 415-749-4900

Bibigyan ng parangal ang nanalo ng Parangal sa Pamumuno ng Spare the Air sa seremonya ng Acterra Business Environmental Awards

SAN FRANCISCO –Bibigyan ng parangal ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ang Kaiser Permanente para sa *Parangal sa Pamumuno ng Spare the Air* sa ika-31 ng Mayo, 2018 sa 2018 Acterra Business Environmental Awards sa San Francisco.

Nagpakita ang Kaiser Permanente ng makabuluhang pamumuno sa pagbawas ng nagpaparumi sa hangin, mga greenhouse gas at gumamit ng mga makabagong pamamaraan upang makamit ang mas malinis na hangin para makuha ang parangal.

Kikilalanin ang nanalo ng Parangal sa Pamumuno ng Spare the Air kasama ng iba pang pinunong pangkapaligiran mula sa buong Bay Area sa seremonya ng Acterra Business Environmental Awards at inaanyayahang dumalo ang media.

ANO: Makakapanayam ng media ang mga nanalo ng parangal at isponsor

SAAN: Bay Area Metro Center, 375 Beale Street, San Francisco

KAILAN: Huwebes, ika-31 ng Mayo, mula 5:30 - 6:15 p.m.

BAKIT: Paparangalan ang mga lokal na pinuno sa kapaligiran

SINO: Acterra, mga lokal na nanalo ng parangal, mga hinalal na opisyal, mga nakaraang nanalo at mga isponsor

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa iba pang kategorya ng parangal at mga tatanggap nito, o ang seremonya para sa parangal, bisitahin ang www.acterra.org/bea.

Ang Acterra ay isang 501(c)(3) na nonprofit sa San Francisco Bay Area na nakabase sa Palo Alto na nag-iisa sa mga tao para gumawa ng mga lokal na solusyon para sa magandang planeta.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pagprotekta ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

###